# ANAK, AKALA KO BA LALAKE KA BAKIT NAKITA KITANG KUMIKENDENG SA TOM'S WORLD?

ANDRIAN LEGASPI

Anak, akala ko ba lalake ka bakit nakita kitang kumikendeng sa Tom's World?
Sobrang hi-tech ng nilalaro n'yo na dance machine through sensor lang,
Kasama mo pa si Junard na anak ng ating kapitbahay at si Milet na anak ng konsehal,
Starship ni Nicki Minaj pa yung sinasayaw nyo,
Todo bigay kayo hataw kung hataw wala akong masabi.

Anak, akala ko ba lalake ka bakit nakita kitang gumigiling sa Tom's World?
Nagpapalit ako ng dolyar sa money changer na
katabi ng Tom's World sa Robinson Imus kaya ako nandoon,
Di ba dati mahilig ka pa sa My Chemical Romance at
Chicosci naka-eyeliner ka pa nga ginagaya mo pa sila,
Pero ngayon hindi mo na sila pinapakinggan pero
naka-eyeliner ka pa rin - iba na pala,
Mahilig ka pa nga noon sa WWE, Funny Komiks
at minsan nakita pa kitang nagbabasa ng Xerex,

Anak, akala ko ba lalake ka bakit nakita kitang kumikembot sa Tom's World?
Gusto mo ba sabihin ko na ito sa nanay mong nasa Qatar?
Ikaw na pala ang bahala take your time ikaw na magsabi sa kanya pag handa ka na,
Wag kang mag-alala sa mga kapatid mo ipagtatanggol kita,
Mapang-asar lang sila pero mahal ka nila.

Ano ang nangyari?

Pero mahal pa rin kita,
Mamahalin pa rin kita,
Wala kang ginagawang masama,
Hindi ka masama.

Alam mo anak ako din parang napapagod nang maging lalake,
Pagod na akong magpagupit sa Lyndon's Barbershop sa Lotus Mall sa Imus,
Pagod na akong makinig ng mga kuwento nila,
Pagod na akong magyosi at mag-inom at mambabae,
Pagod na akong makipagpataasan ng ihi.

*Ang starship ay ginawa para lumipad,*
*itaas ang kamay,*
*at haplusin ang ulap*

Tara, sayaw tayo.